

Ako po si Masami Dela Paz Tsuneta.

Ipinanganak po ako sa pilipinas at doon nag-aral at lumaki. Ang aking pong kapatid na si Ryuji Tsuneta ay isang ganap na hapon sa kadahilanan na hindi kasal ang aking maga magulang. Tinanggap ng tatay ko ang aking kapatid at nabigyan siya ng recognition.

Kaya po ako nakapunta dito dahil po ay inimitahan ako ng aking kapatid at nabigyan ako ng Temporary Visitor bilang tourist at simula noon ay dito na kami nag-ayos ng aking mga papeles at nang nag-apply kami sa chiba immigration ng change status ay hindi ako pinayagang mabigyan ako ng visa bilang anak ng Hapon, at binigyan ako ng departure preparation lamang.

Kaya nang pumunta kami sa ministry of Justice sa Chiba, ang sabi sa amin ay hindi raw sila nagbibigay ng Japanese Nationality dahil wala raw akong address dito.

Masakit man sa amin ang hindi pa rin kami sumuko ni kuya at nagpunta kami sa shinagawa para mag-apply ulet at nabigyan na ako ng 3 year visa. Kadahilan na gusto ko tumira sa Japan dahil anak ako ng hapon. ang mga gai jin nga nakakatira sa bansang Japan ako pa kaya na anak at may kapatid na hapon.

Kung sakali man na maaprubuhan ako ng nationality ang unang hakbang na gagawin ko is makapag-aral para natuto ng magsalita at magsulat.

Naiinggit ako sa aking dahil siya ay isa ng nationality at ako ay hindi.

Tunay naman akong anak ng tatay ko at tunay na kapatid.

Ako po ay nakikiusap sa inyo at matulungan nyo po ako sa aking karapatan para maaprubuhan ng Japanese nationality. Aana po ako ay magawan Nyo ng paraan at matulungan nyo po ako sa Aking kahilingan para maging isang citizen ng Japanese. Maraming salamat po

Lupas na gumagalang

---

Masami Tsuneta